INDEKS PRAYMER

PAG-AARAL AT PAGSUSURI SA MGA
PANLIPUNANG ISYU AT KALAGAYAN

TOMO V BLG.2
DISYEMBRE 2022

KARED-TK
Disyembre 2022

NILALAMAN

Ano ang International Humanitarian Law? 4

Ano ang mga batas ng mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at ang karagdagan ditong Protocol I at II ng 1977? 7

Ano ang mga batayang regulasyon ng mga batas ng Geneva? 8

Ano ang nilalaman ng IHL kaugnay sa paggamit ng mga pampasabog sa mga mataong populasyon? 9

Nasusunod ba ang nilalaman ng IHL? 10

Ano ang digmang bayan at umaalinsunod ba ito sa nilalaman ng IHL? 12

Sa kabilang banda, sinusunod ba ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas at armadong pwersa nito ang nilalaman ng IHL? 14

Ano ang dapat gawin ng mamamayan kaugnay ng pagpapatupad sa IHL at mga paglabag dito? 17

APENDIKS: Mga pahayag ng MGC-NPA ST

- Makatarungan ang digmang bayan na isinusulong ng NPA 19
- Mahigpit na tumatalima ang NPA sa batas ng digma at IHL 21

1
Ano ang International Humanitarian Law o pandaigdigang makataong batas?

Ang International Humanitarian Law (IHL) o pandaigdigang makataong batas ay bahagi ng pandaigdigang mga batas at binubuo ng mga alituntunin kaugnay ng kondukta at pamamaraan ng pakikidigma, at ng mga alituntunin na nagbibigay proteksyon sa mga sibilyan at iba pang di tuwirang kalahok sa armadong sagupaan, ganondin sa mga tuwirang kalahok sa armadong sagupaan ngunit nalagay sa katayuang *hors de combat*. Ito ang umiiral na mga *protocol* at batas tungkol sa kondukta ng gera sa internasyunal na antas (Protocol I) at mga armadong labanan sa loob ng isang bayan (Protocol II). Sumasaklaw ito sa lahat ng armadong tunggalian. Sa kabilang banda, hindi nito sinasaklaw ang panloob na mga tensyon o kaguluhan tulad ng ilang nahihiwalay na akto ng karahasan.

Ito ay mga alituntunin na naghahangad na limitahan ang mga epekto ng armadong tunggalian sa batayang makatao. Sumasaklaw ito sa dalawang larangan: ang pagbibigay-proteksyon sa mga hindi kalahok, o di na kalahok, sa armadong labanan; at ang pagtatakda ng mga restriksyon sa mga anyo at pamamaraan ng pakikidigma. Hindi nito ipinagbabawal ang lahat ng anyo ng karahasan kundi nililimitahan ang mga pinsalang dulot ng sagupaan.

Ang mga alituntuning itinatakda ng internasyunal na makataong batas ay alinsunod sa mga unibersal na katanggap-tanggap na mga prinsipyo at pamantayan na isinasaad sa mga internasyunal na dokumento (mga tratado o kumbensyon) na pinagkaisahan ng halos lahat ng mga estado sa daigdig at itinataguyod ng ilang mga partido o organisasyong kalahok sa mga armadong labanan. Kabilang sa mga dokumentong ito ang Geneva Conventions of 1949 at ang karugtong nitong Additional Protocols of 1977.

Ang mga prinsipyong ito ay ang:

1. Prinsipyo ng pagtatangi/pag-iiba sa pagitan ng mga sibilyan at kombatant (distinction) na nagsasabing hindi dapat atakehin ang mga sibiliyan at lahat ng kanilang pag-aari, habang itinuturing namang balidong target ang mga personel at kagamitan ng militar. Ang lahat ng direktang pag-atake sa mga sibilyan ay ituturing bilang mga krimen sa digma. Kaugnay nito, lahat ng mga armas at/o kagamitang militar na walang kakayahang pag-ibahin ang mga sibilyan sa mga armado ay ipinagbabawal ng IHL.
2. Pagbabawal sa pag-atake laban sa mga wala nang kapasidad lumaban o mga *hors de combat* (sugatan, may sakit, bihag ng digma).
3. Pagbabawal sa pagpapataw ng di kinakailangang paghihirap. Kabilang sa saklaw nito ang pagbabawal sa paggamit ng mga *laser weapon* na nakakabulag.
4. Prinsipyo ng pangangailangan (necessity). Pinahihintulutan ng pangangailangang militar ang mga armadong pwersa na maglunsad ng mga aksyong magdudulot ng pagkawasak at panganib. Gayunman, hindi nito binibigyang-katwiran ang mga armadong pwersang ipagwalang-bahala ang mga konsiderasyong makatao at gawin na lamang ang lahat ng kanilang gusto.
5. Prinsipyo ng proporsyonalidad (proportionality) na nagsasaad na ang mga pag-atake laban sa mga target-militar ay ipinagbabawal kung ito ay magreresulta sa pagkadamay sa mga sibilyan o napakalaking pinsala.
6. Prinsipyo ng pagkatao (humanity) na nagtuturing na ang lahat ng tao ay may kapasidad at abilidad na irespeto at pangalagaan ang kaligtasan ng lahat, kabilang ang kanilang kalaban.

TALASALITAAN NG IHL

ARMADONG PWERSA

binubuo ng lahat ng organisadong armadong pwersa, grupo at mga yunit na nasa ilalim ng isang komand na responsable sa kinabibilangan nilang partido para sa kondukta ng kanyang pinamumunuan, kahit na ang partidong ito ay kinakatawan ng isang gubyerno o otoridad na hindi kinikilala ng kalabang partido

KOMBATANT

miyembro ng armadong pwersa ng isang partidong sangkot sa sagupaan (liban sa mga personel na medikal at *chaplain*). Direkta silang nagpapartisipa sa armadong sagupaan.

SIBILYAN

sinumang hindi kabilang sa alinman sa mga kategorya sa itaas. Sa kaso ng pagdududa kung ang isang tao ay sibilyan o hindi, ituturing pa rin siyang isang sibilyan

BIHAG NG DIGMA

sinumang kombatant na mapapailalim sa kapangyarihan ng kalabang partido

ATAKE

mga akto ng karahasan laban sa kaaway, maaaring para sa opensa o depensa

Ang internasyunal na makataong batas ay tinatawag ding “mga alituntunin sa digmaan” o “batas ng armadong tunggalian”. May dalawang bahagi ito—ang mga batas na inilatag ng mga kumbensyon sa Geneva, Switzerland noong 1949 at mga dagdag na *protocol* dito noong 1977; at ang mga batas na inilatag ng mga kumbensyon sa The Hague, Netherlands. Ang una o ang mga batas ng Geneva sa maikling salita ay kaugnay ng pagbibigay proteksyon sa mga taong hindi tuwirang kalahok sa armadong sagupaan kabilang ang mga sibilyan at mga taong dating kalahok sa sagupaan ngunit nasagkaan sa iba’ t ibang kadahilanan tulad ng pagkahuli, pagkakasugat at pagkakasakit. Ang pangalawa o ang mga batas ng The Hague ay kaugnay ng mga regulasyon sa pamamaraan ng pakikidigma. Halimbawa, ang regulasyon na nagbabawal sa paggamit ng ilang kemikal na nakakalason, nakakamatay at nakakakalbo ng mga kagubatan.

2

Ano ang mga batas ng mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at ang karagdagan ditong Protocol I at II ng 1977?

Ang Geneva Conventions ay isang pandaigdigang kasunduan hinggil sa patakaran sa digmaan na sinang-ayunan ng maraming gubyerno sa daigdig. Ang Protocol I ay dagdag na mga regulasyon kaugnay ng armadong tunggalian na may internasyunal na katangian at kahalagahan. Ang Protocol II ay mga dagdag sa mga batas ng Geneva kaugnay ng mga armadong labanan sa loob ng isang bayan, ibig sabihi'y sa pagitan ng umiiral na gubyerno na nagtataguyod sa kasalukuyang kaayusan at ng rebolusyonaryong kilusan na naghahangad ng pundamental na pagbabago sa lipunan.

Ang mga kasunduang ito ay binuo sa mga kumbensyong idinaos sa Geneva rin noong 1907, 1929 at 1949. Pinagtibay ang mga rebisyong ito sa mga kumperensyang diplomatiko na idinaos matapos ang bawat kumbensyon.

Sa kasalukuyan ang umiiral na mga batas kaugnay ng armadong tunggalian ay ang pinakahuling rebisyon dito sa pinakahuling mga kumbensyon sa Geneva noong 1949. Sinikap sa mga kumbensyong ito na ipaloob ang mga resolusyon sa mga usaping lumabas sa pagpapatupad ng naunang mga batas ng Geneva sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1942-1945).

3
Ano ang mga batayang regulasyon ng mga batas ng Geneva?

Sa kabuuan, mabubuod ang mga batas ng Geneva sa sumusunod:

- Dapat respetuhin ang buhay at dignidad ng mga taong hindi tuwirang kalahok sa mga armadong sagupaan kabilang na ang mga taong dati ay tuwirang kalahok dito ngunit sa iba't ibang kadahilanan ay nasasagkaang magawa ito. Kabilang sa huli ang mga nasugatan, nagkasakit o nabihag ng kabilang panig. Sa lahat ng pagkakataon dapat silang bigyan ng proteksyon at tratuhin bilang tao nang walang sinisino anuman ang kanyang kulay, nasyunalidad, kasarian, relihiyon at pampulitikang paniniwala.
- Pinagbabawal ang pagpatay o pananakit sa mga sumuko at mga taong hindi na makagampan sa pagiging sundalo.
- Dapat ipunin at pangalagaan ang mga may sugat at maysakit ng panig na bumihag sa kanila. Kasama sa proteksyong ito ang mga tauhang medikal, istablisimyentong medikal, sasakyan at kagamitang medikal. Ang krus na pula ang simbolo ng proteksyong ito at dapat respetuhin.
- Dapat respetuhin ang buhay, dignidad, mga karapatang tao at mga paniniwala ng mga bihag na mga sundalo at sibilyan. Dapat silang bigyang proteksyon laban sa lahat ng paglapastangan at pamamarusa. May karapatan silang makipag-ugnayan sa kani-kanilang mga pamilya at tumanggap ng tulong na magpapagaan sa kanilang kalagayan.
- Ang lahat ay may karapatan sa mga batayang garantiya ng batas. Walang sinumang parurusahan sa kasalanang hindi niya ginawa. Walang sinuman ang totortyurin ng pisikal o mental, parurusahan ng kamatayan sa malupit na paraan o tratatuhin na parang hindi tao at kahiya-hiya.
- Dapat pag-ibahin ang mga sibilyan at sundalo upang mapangalagan ang mga sibilyan at ang kanilang mga ari-arian. Tanging mga target-militar lamang ang maaaring maging target ng anumang operasyong militar.
- Dapat bigyan ng ispesyal na pagrespeto at proteksyon ang mga bata laban sa anumang anyo ng atake. Dapat silang bigyan ng kinakailangang pangangalaga at pag-alalay.

4
Ano ang nilalaman ng IHL kaugnay sa paggamit ng mga pampasabog sa mga mataong populasyon?

Habang hindi ipinagbabawal ng IHL ang paggamit ng mga pampasabog sa mga matataong lugar, istrikto nitong ipinatutupad ang paghihipit sa paggamit nito sa pamamagitan ng pangkalahatang mga prinsipyo at tuntunin sa mga kondukta ng labanan. Ipinagbabawal ng IHL ang pag-atake at pambobomba sa anumang paraan sa mga bayan, baryo, pamamahay o anumang gusaling walang depensa. Saklaw nito ang mga lugar kung saan mataas ang risgong madamay ang mga sibiliyan o mga lugar na may konsentrasyon ng mga sibilyan.

Ipinagbabawal ng IHL ang mga pag-atakeng walang pinipili (indiscriminate attack). Kabilang dito ang mga pag-atake nang walang malinaw na target, mga pag-atakeng walang pinipili, at ang *area bombardment*. Kabilang sa mga ito ang malaon nang ipinagbabawal na *booby trap*, isang tipo ng bombang hindi kumikilala ng target, armas na nakakasunog tulad ng *napalm bomb*, at mga bombang gumagamit ng *shrapnel/fragments* na di nakikita sa X-ray. Absoluto ang mga pagbabawal na ito at hindi na maaaring isailalim sa mga pag-aaral (feasibility).

Liban sa mga ito, ipinagbabawal rin ng IHL ang paggamit ng iba pang armas at paraan ng pakikidigmang walang kakayahang pag-ibahin ang sibilyan at kombatant. Kabilang sa mga ito ang paggamit ng sumasabog at lumalapad na bala (exploding at expanding bullets), armas kemikal at bayolohikal, nakabubulag na *laser* at mga bombang *anti-personel*. Ipinagbabawal rin ang paggamit ng lahat ng armas na mapamuksa sa sangkatauhan tulad ng armas nukleyar.

SINU-SINO ANG PROTEKTADO NG IHL?

SIBILYAN

MGA SUGATAN, MAYSAKIT, BIHAG NG DIGMA

KOMBANTANT

5
Nasusunod ba ang nilalaman IHL?

Sa kalahatan, sa mga bayang malakolonyal at malapyudal katulad ng Pilipinas kung saan umiiral ang pasistang paghahari ng mga estadong neokolonyal madalas na nalalabag ang nilalaman ng IHL at paparami ang mga sibilyang biktima ng mga krimen sa digma. Katunayan, kahit ang mga pandaigdigang institusyon tulad ng International Committee on the Red Cross (ICRC), Amnesty International, Human Rights Watch, United Nations Human Rights Council ay aktibo sa pagkundena at paglalantad sa mga paglabag na ito. Para matiyak na naipatutupad ito, nabuo ang mga *tribunal* para mag-imbestiga at magpataw ng parusa sa mga lumalabag sa nilalaman ng IHL. Noong 1998, binuo ng Rome Statute ang international *criminal court* na may tungkuling supilin ang krimen sa digma.

Bagamat dapat na obligasyon ng lahat ng estado, armadong pwersa, at mamamayan ang pagsunod, pag-aaral at pagtuturo sa nilalaman ng IHL, nananatiling malaking hamon ang epektibong pagsunod rito. Kung gayon, kinakailangang isulong sa buong daigdig ang pagsunod sa nilalaman ng IHL at pagprotekta sa lahat ng mga sibilyan.



Para maikutan ang nilalaman ng IHL at ang mga proteksyong ginagarantiya nito sa lahat ng sibilyan, maging yaong mga sangkot sa armadong sagupaan, pinapakana ng mga pasistang estado ang pagtutukoy na “terorista” sa pakikibaka ng mamamayan, laluna ang mga rebolusyonaryong pwersa na nagsusulong ng panlipunang pagbabago. Pinaka-palasak ang paggamit dito ng mga imperyalistang bansa at papet nitong mga rehimen sa kolonya at malakolonya. Layunin nitong ilabas sa balangkas ng IHL at iba pang batas ng makataong pagtrato ang kabuuang patakaran at hakbangin ng mga mapanupil na estado laban sa lahat ng ituturing nitong “kalaban “ at “terorista”. Kapag naikulong sa pagturing na “terorista” ang isang indibidwal o grupo ng tao, ituturing silang mga kriminal at lahat ng kanilang aktibidad. Kasabay nito ang demonisasyon sa lahat ng akto ng paglaban gaano man ito ka-lehitimo at makatwiran, na para bang ang lahat ng tinatakang terorista ay hindi tao at hindi maaaring magtamasa ng karapatan at makataong pagtrato.

6

Ano ang digmang bayan at umaalinsunod ba ito sa nilalaman ng IHL?

Sa teorya at praktika, digmang bayan ang isinusulong ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng buong pambansa-demokratikong kilusan. Sa digmang bayan, hinihimok ang malawak na masa ng sambayanan na lumahok sa rebolusyonaryong digma upang ibagsak ang kasalukuyang mapagsamantala at mapang-aping sistema na pinaghaharian ng imperyalismong US, ng malaking burgesyang kumprador at ng uring malaking panginoong maylupa nang sa gayo'y matamo ang tunay na pambansang kalayaan at tunay na demokrasya. Likas sa katangian ng digmang bayang pinamumunuan ng Partido ang pagtiyak sa kapakanan at interes ng mamamayan sa lahat ng sandali.

Kaya higit pa sa alinmang batas na pandaigdig ang mga layunin, adhikain at mga prinsipyong sinusunod ng rebolusyonaryong kilusan. Nariyan man ang mga pandaigdigang patakaran o wala, ipinagtatanggol ng Partido at mga pwersang pinamumunuan nito ang sambayanang Pilipino mula sa anumang klase ng pang-aapi, saanman ito nagbubuhat. Kaalinsabay, minumulat, inoorganisa at minomobilisa sila para sa rebolusyon. Ang adhikain ng demokratikong rebolusyong bayan para sa makauri at pambansang paglaya ang balangkas ng pagtataguyod nito sa mga indibidwal na kalayaan at karapatan.

Sa partikular, ang Bagong Hukbong Bayan ay may mulat na disiplinang bakal at nagpapatupad sa "Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina" at "Walong Puntong Dapat Tandaan". Mahusay ang trato sa mga bihag na sundalo ng kaaway, at agad silang pinalalaya kung walang mabibigat na krimen sa mamamayan. Ang mga sugatan ay kagyat na ginagamot. Ang mga kilos ng sinumang kasapi ng rebolusyonaryong kilusan na salungat sa mga ito ay itinuturing na mga paglabag at maagap na hinaharap, pinupuna kundiman ginagawaran ng karampatang aksyong pandisiplina. Alinsunod sa mga pandaigdigang pamantayan, ang "Tatlong Alituntunin sa Disiplina" at "Walong Puntong Dapat Tandaan" ng Bagong Hukbong Bayan ay higit pa sa mga itinatakda sa mga batas pandaigdig ukol sa kondukta ng pakikidigma.

Noong 1996, inilabas ng NDFP ang Unilateral Act of Undertaking to Apply the Geneva Convention and Protocol 1, sa gayon, napakalinaw na ipinahayag ang katayuan at katumpakan ng demokratikong gubyernong bayan na may mamamayan at teritoryo sa ilalim ng paggugubyerno nito at isang sentralisadong hukbo, milisyang bayan at mga pwersa ng pananggol sa sarili para sa pagtatanggol at pagpapatupad ng bata.

Sa balangkas ng negosasyong pangkapayapaan, isinulong ng National

Democratic Front of the Philippines ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na naglalaman ng isang komprehensibong kasunduan sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas na nakabatay sa realidad na mayroong mga paglabag dito. Pinirmahan ito ng dalawang *panel* sa pagitan ng NDFP at gubyerno ng Pilipinas noong Marso 14, 1998 sa The Hague, The Netherlands at matapos ay pinirmahan kapwa ng mga prinsipal ng NDFP at GRP na nangangahulugang pinagtibay ng dalawang panig ang unang substantibong kasunduan sa *peace talks*. Pinagtitibay rito ang pangangailangang palagian at tuluy-tuloy na itaguyod, palawakin at garantiyahan ang mga demokratikong karapatan at kalayaan ng mamamayan, laluna ng masang anakpawis ng mga manggagawa at magsasaka.

Alinsunod sa nilalaman ng IHL, ipinagbabawal rin ng BHB ang paggamit ng lahat ng sandata/armas na makapipinsala nang malaki laluna sa mga sibilyan. Sa paggamit ng mga armas pampasabog, tanging mga pasabog na *command-detonated* lamang ang ginagamit ng lahat ng yunit nito para tiyaking ang mga lehitimong target-militar lamang ang mapipinsala. Binabalanse rin nito ang paggamit ng mga pasabog batay sa target sa pamamagitan ng pag-iiba ng tipo ng pampasabog—pantao (anti-personnel) o para sa sasakyan ng kaaway (anti-tank, atbp.)

BAGONG HUKBONG BAYAN

Tatlong alituntunin sa disiplina

1) Sumunod sa mga kautusan sa lahat ng iyong kilos.

2) Huwag kumuha ng kahit na isang karayom o hibla ng sinulid mula sa masa.

3) Ientrega ang lahat ng nasamsam.

Walong puntong dapat tandaan

1) Maging magalang sa pananalita.

2) Magbayad ng karampatang halaga sa iyong binibili.

3) Isauli ang lahat ng iyong hiniram.

4) Bayaran ang lahat ng iyong nasira.

5) Huwag manakit o mang-alimura ng tao.

6) Huwag manira ng mga pananim.

7) Huwag magsamantala sa mga babae.

8) Huwag magmalupit sa mga bihag.

7
Sa kabilang banda, sinusunod ba ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas at armadong pwersa nito ang nilalaman ng IHL?

Sa Pilipinas, naglulunsad ang reaksyunaryong rehimen at ang amo nitong imperyalistang US ng kontra-rebolusyonaryong digma at/o mga kampanyang supresyon laban sa mamamayan para ipreserba at itaguyod ang kasalukuyang mapang-api at mapagsamantalang sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang AFP-PNP at mga *vigilante* nito, mga CAFGU at sari-saring pwersang paramilitar ang nagmamasaker sa mamamayan laluna sa mga larangan at baseng gerilya ng BHB; nagsasagawa ng pwersahang pagpapalikas, mga blokeyo sa pagkain at ekonomya, panununog at pagsosona; pagtotortyur at pagpatay sa mga hinihinalang may kuneksyon sa rebolusyonaryong kilusan; walang-pakundangang istraping, panganganyon at pambobomba sa komunidad ng mamamayan sa kanayunan.

Sinasabing pinirmahan ng papet na rehimeng US-Aquino I ang Protocol II noong Disyembre, 1986. Pero ang pagpirma ay ginawa nang walang publisidad. Wala ring ginawang pamamahagi ng nasabing *protocol* sa AFP. Hindi kataka-takang sa araw-araw na praktika ng mga upisyal at sundalo ng AFP, lansakang nilalabag ang mga probisyon noon. Nasa interes ng pasistang reaksyunaryong mga rehimen ng paghaharing malaking burgesyang komprador at panginoong maylupa at ng mersenaryong AFP ang pagbabalewala dito.

Ginagamit ng mga naghaharing rehimen sa Pilipinas ang pagbabansag sa lehitimong pakikibakang bayan na pinamumunuan ng PKP bilang "terorista" at ibinubuslo rito ang lahat ng anyo ng paglaban ng

mamamayan. Sa gayon, pilit na ipinatatanggap sa mamamayan na lehitimo ang arbitraryong pagkriminalisa, pagbabawal at pagsupil ng reaksyunaryong estado at mga bayarang ahente nito ng lahat ng tinatakang terorista at aktibidad na nag-eengganyo umano ng terorismo. Sa ilalim ng tiranikong rehimeng US-Duterte, pinirmahan ang Anti-Terrorism Law matapos ideklara ang PP374 noong Disyembre 2017 na nadedeklara sa PKP/BHB bilang mga teroristang organisasyon o grupo. Matapos ito, pinakawalan niya ang isa sa pinakabrutal na gerang kontra-mamamayan sa tabing ng "gera kontra-terorismo" at ininstitusyunalisa ito sa pagtatayo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Nagresulta ito sa pagpaslang sa 427 mga aktibista, tagapagtanggol sa karapatang tao, mga organisador hanggang Disyembre 2021, 166 tagapagtanggol ng lupa at kalikasan hanggang Disyembre 2020, 23 mamamahayag at taong midya hanggang Abril 2022, 66 hukom, abogado, prosekyutor hanggang Disyembre 2021. (Rappler). Aabot naman sa 102 aktibo at retiradong kasapi ng PKP, BHB, mga konsultant at tauhan ng NDFP at kasama nilang mga sibilyan na nadakip, sugatan o wala nang kakayahang lumaban ang walang awang pinaslang ng AFP-PNP-CAFGU. Ayon sa ulat ng Ang Bayan sa "Mga Krimen sa Digma ng AFP at PNP", 24 ang kinilala bilang mga miyembro ng Partido habang 66 ang aktibo at dating myembro ng BHB. 10 sa mga ito ang pinaslang sa Timog Katagalugan.

Tulad ng among imperyalistang US, walang pakundangan ang AFP-PNP sa paggamit ng ibat ibang tipo ng armas at pamamaraan ng pag-atakeng ipinagbabawal ng IHL. Tampok sa rekord ng rehimeng US-Duterte ang henosidyong gera nito sa maralita at mamamayang Moro sa Marawi. Sa mga ito, aabot sa 27,000-30,000 ang pinatay sa madugong gera kontra-droga nito habang di bababa sa 4,000 ang napatay sa gera sa Marawi noong 2017.

Sa kasalukuyan, ipinagpapatuloy ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte ang sinimulan ng nagdaang rehimeng brutal na kampanyang panunupil laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Sa unang anim na buwan pa lamang niya sa poder, naitala na sa TK ang apat na kaso ng pagpatay, tatlong sapilitang pagkawala, dalawang insidente ng pambobomba, dalawang insidente ng pang-iistraping at pagpapasabog na inilunsad ng mga armadong pwersa ng estado at bayarang *goons* ng mga PML. Kabilang sa mga ito ang dalawang bata—si Kyllene Casao, 9-taong gulang ng Brgy. Guinhawa, Taysan, Batangas ay binaril ng 59th IB na naglulunsad ng *focused military operations* habang pauwi sa kanilang bahay kasama ang ama at kapatid nitong Hulyo 18. Samantala, tinamaan naman ng bala at napatay ang isa pang bata sa walang-pakundangang pamamaril ng 4th IB at PNP-SAF sa Sityo Tauga Daka, Brgy. San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro nitong Hulyo 3.

101

AKTIBO AT RETIRADONG KASAPI NG PKP, BHB, NDFP AT ILANG SIBILYANG PINASLANG NG REHIMENG US-DUTERTE

44 hors de combat o walang kakayahang lumaban

19 hindi kombatant o hindi sangkot sa armadong tunggalian

Karamihan sa mga biktima ng atrosidad ng estado ay mga ordinaryong mamamayan, sibilyang populasyon, at mga di kombatant o wala na sa kapasidad lumaban na mahigpit na ipinagbabawal sa IHL. Tampok sa mga kaso ng paglabag ng estado sa nilalaman ng IHL at iba pang makataong batas ang paglabag sa karapatan ng mga bata at espesyal na proteksyon sa kanila. Ayon sa Espesyal na ulat ng Ang Bayan na pinamagatang "Maruming Gera Laban sa mga Bata" mula 2020, kabilang sa malalalang paglabag na ito ang pwersahang pagpapatigil sa kanilang pag-aaral, pananakot, pang-aaresto at detensyon, pwersahang pagpapabakwit, pwersahang pagpapasurender, paggamit sa mga operasyong kombat, paggamit bilang pananggalang, pang-aalipin, sekswal na pang-aabuso at karahasan, pananakit, tortyur at bigo at tahasang pagpaslang. May mga kaso rin ng pagtugis, pagdukot at pag-*hostage* ng mga sanggol at maliliit na bata, sa tabing ng "pag-rescue" ng Department of Social Welfare and Development, para piliting "sumuko" ang mga magulang nilang pinaghihinalaang mga myembro ng BHB.

MGA INSIDENTE NG PAMBOBOMBA NG AFP-PNP (2017- HULYO 15, 2022)

74 serye ng istraping at pambobomba mula sa ere

35% isinagawa direkta o malapit sa mga sibilyang komunidad

591 bombang inihulog mula sa ere



589 bombang pinakawalan mula sa kanyon

10 sibilyang napatay

4 sibilyang nasugatan

36 probinsyang (pinakamarami sa Mindanao, 3 sa TK)

NAGBAKWIT

10,339 pamilya

60,000 indibidwal

SA MGA ITO, OVERKILL ANG PAGGAMIT NG AFP-PNP NG 500 AT 250-LIBRAS NA BOMBA LABAN SA MGA *TENT* AT GAWANG-KAHOY NA TEMPORARYONG SILUNGAN NG BHB. ANG GAYONG MGA BOMBA AY GINAWA PARA PUMULBOS NG MGA GUSALING GAWA SA SEMENTO AT BAKAL.

8

Ano ang dapat gawin ng mamamayan para itaguyod ang nilalaman ng IHL at para labanan ang lahat ng tipo ng mga paglabag dito?

1. Dapat igiit ng mamamayan ang pagtupad ng lahat ng estado at armadong pwersa nito sa nilalaman ng IHL, na nagbibigay ng garantiya at pangunahing pagsasaalang-alang sa kanilang buhay at kaligtasan. Kaugnay nito, dapat edukahin ang lahat ng mamamayan, laluna yaong mga naiipit sa armadong tunggalian, sa nilalaman ng IHL.

2. Dapat ilantad, kundenahin at labanan ang lahat ng tipo ng paglabag rito. Higit pa, marapat na singilin at pagbayarin ang lahat ng mga pusakal na tagalabag sa IHL at nang-aatake sa mga sibilyan tulad ng rehimeng US-Marcos II at mga berdugong armadong pwersa nitong AFP-PNP-CAFGU. Gawin ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng ibat ibang tipo ng pagkilos ng masa—*signature campaign, petition signing, rally* sa harap ng mga opisina ng gubyerno at kampo militar atbp.

Kaugnay nito, labanan ang *red-tagging* at ipagtanggol ang pagiging lehitimo ng mga pakikibakang bayan bilang pag-eehersisyo sa mga batayang karapatang tao ng lahat ng mamamayan sa pamamahayag at pagbuo ng asosasyon para sa kanilang interes.

Isampa ang mga kaso ng paglabag ng estado at mga armadong pwersa nito sa lokal na korte, sa Joint Monitoring Committee ng NDFP para sa CARHRIHL hanggang sa mga internasyunal na mga korte. Paingayin ang

kampanya para kamtin ang hustisya at panagutin ang mga pusakal na kriminal, tunay na terorista at lumalabag sa IHL at sa iba pang karapatang-tao.

3. Hamigin ang suporta ng mga panggitnang pwersa, abogado, huwes, hukom, mga doktor at nars atbp para ipagtanggol ang batayang karapatan sa buhay at kalayaan ng mamamayan. Kasabay nito, mangalap ng pinakamalawak na suportang internasyunal para sa pakikibaka para sa karapatan, kalayaan at demokrasya. Ilantad at kondenahin ang mga militaristang opisyal ng reaksyunaryong gubyerno at ang NTF-ELCAC sa pagre*red-tag* sa huwes ng Manila RTC na nagdesisyon na hindi terorista ang CPP-NPA-NDFP.

4. Itakwil at labanan ang ginagawa ng estado na pambabansag na "terorismo" sa lahat ng tipo ng lehitimong pakikibaka ng mamamayan at paglaban ng bayan sa tiraniko, mandarambong at pasista-teroristang rehimen. Matagal nang itinuring na katanggap-tanggap sa internasyunal na komunidad ang paglulunsad ng armadong pakikibaka bilang anyo ng paglaban ng mamamayan para sa kalayaan, teritoryal na integridad, demokrasya at iba pa nilang kahilingan. At ang lahat ng mga aktong kaugnay nito ay hindi dapat ituring na akto ng terorismo. (United Nations General Assembly Resolution 37/43)

Kaugnay nito, dapat malawakang edukahin at linawin sa masa ng sambayanan ang ugat ng armadong tunggalian sa bansa—ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na siyang dahilan ng daan-taong paghihirap ng mamamayang Pilipino. Ipalaganap at patampukin ang programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon (PPDR), ang 12-puntong programa ng NDFP at mga repormang isinusulong nito sa balangkas ng negosasyong pangkapayapaan.

5. Pukawin ang tunay na diwa ng pagka-makabayan sa loob ng pasistang institusyon ng AFP-PNP at palakasin ang rebolusyonaryong kilusang lihim sa kanilang hanay. Ilantad ang kabulukan at katiwalian sa loob ng kanilang reaskyunaryong institusyon. Gawin ang lahat ng makakaya para mapatagos sa kanila at kanilang mga kapamilya ang mga propaganda ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan.

6. Makakamit ang tunay na hustisya sa lahat ng kaso ng paglabag sa IHL at karapatan ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsusulong ng digmang bayan hanggang sa tagumpay. Bagamat isang mahalagang larangan ng pakikibaka ang ligal at parlamentaryong landas, hindi nito gagarantiyahan ang lubos na pagtalima ng mga estadong dominado ng mga lokal na naghaharing-uri at imperyalismo. Kung gayon, dapat higit na sumalig ang mamamayan sa kanilang sariling lakas at sa rebolusyonaryong kilusan para sama-samang magtanggol at labanan ang malupit at di-makatarungang gera ng pasista-teroristang estado ng mga naghahari't mapagsamantala. Ang magrebolusyon ay karapatan ng lahat ng mamamayan sa loob ng bayang kontrol ng dayuhan at ng mga lokal na mapagsamantala at mapang-api.###

Komunista, rebolusyonaryong hukbo, hindi terorista! Makatarungan ang digmang bayan na isinusulong ng NPA

Pinatunayan na ng kasaysayan ang kawastuhan at pagiging makatarungan ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na pinamumunuan ng CPP-NPA-NDFP. Sinusuportahan at itinataguyod ito ng malawak na sambayanan dahil isinusulong nito ang kanilang pambansa at demokratikong adhikain. Ang NPA ang tanging armadong pwersa sa Pilipinas na nakikidigma upang itatag ang bagong lipunang malaya, masagana at makatarungan para sa lahat ng api at pinagsasamantalahan.

Makatarungan ang demokratikong rebolusyong bayan (DRB) at digmang bayan na isinusulong ng NPA sa sumusunod na kadahilanan:

1. Layunin nitong palayain ang malawak na sambayanan mula sa kuko ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang imperyalismong US at China at mga kasapakat na lokal na naghaharing malalaking kumprador, uring panginoong maylupa at mga burukrata — ang mga pwersang sumasaklot at nagpapahirap sa mamamayang Pilipino. Layon ng DRB na wakasan ang paghahari ng imperyalismo at mga lokal na kasapakat sa pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayang Pilipino. Ipinagtatanggol nito ang pambansang interes at nilalabanan ang mga dayuhang pwersa na yumuyurak sa soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas.

Ang rehimeng Duterte ngayon ang pinakasagad-saring ahente ng imperyalismong US at China sa Pilipinas — at pinakakonsentradong larawan ng mapang-api at marahas na paghahari ng estado ng malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata sa bansa.

Ipinatutupad nito ang maruming gerang kontra-rebolusyonaryo laban sa mamamayang Pilipino sa balangkas ng US Counter-insurgency Guide. Ginagamit nito ang AFP at PNP at iba pang pwersang paramilitar bilang marahas na instrumento para ipagtanggol ang imperyalismo at ang naghaharing sistemang panlipunan sa Pilipinas.

2. Itinataguyod ng DRB ang interes ng mga demokratikong uri at sektor sa bansa. Nasa programa ng DRB ang pagsasakatuparan ng demokratiko at panlipunang kahilingan ng mamamayan — lupa para sa mga magsasaka, trabaho at hanapbuhay, pagkain, pabahay at paninirikan, karapatan at serbisyong panlipunan. Isinusulong ng NPA ang rebolusyong agraryo para pawiin ang pyudalismo na nagpapahirap sa malawak na magsasaka, ang 75% ng mamamayan. Nilalabanan nito ang mga mapanira-sa-kapiligirang dambuhalang pagmimina, pagtotroso, pangingisdang komersyal, plantasyon at kumbersyon ng mga lupaing agrikultural para sa gamit industriyal, komersyal, residensyal, eko-turismo, at iba pa.

Walang kaparis ang taos-pusong paglilingkod ng NPA sa bayan. Ipinagtatanggol nito ang masang magsasaka mula sa malawakang pangangamkam at pagpapalayas sa kanilang lupang sinasaka. Tinutugunan ng NPA ang pagbibigay ng serbisyong panlipunan sa kalusugan, edukasyon at iba pa. Nitong huli, ang NPA ang naging sandigan ng mamamayan sa kanayunan sa paglaban sa pandemyang COVID-19.

Ang NPA ay pangunahin isang hukbong magsasaka na pinamumunuan ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Tinatanggap nito ang sinumang buluntaryong sumapi mula sa iba pang uri at sektor sa lipunan na pinagsasamantalahan at inaapi ng reaksyunaryong estado.

Sa pagwawagi ng digmang bayan, itatayo ang demokratikong estadong bayan na pinamumunuan ng uring manggagawa at nilalahukan ng mga magsasaka, petiburgesya, pambansang burgesya at iba pang progresibong pwersa. Kaalinsabay, isinusulong ang karapatan ng mga kabataan, kababaihan, pambansang minorya, Moro at iba pang sektor sa lipunan. Itinatayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan kung saan nagsasanay ang mamamayan sa pamamahala, pagtatanggol at pagsusulong ng kanilang kagalingan.

3. Ipinagtatanggol ng NPA ang mamamayan at pinarurusahan ang kaaway sa mga krimen nito sa bayan. Ang NPA ang sandata ng mamamayan laban sa karumaldumal at brutal na gera ng reaksyunaryong estado. Nakatutok ang mga baril ng NPA sa mga despotikong panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mersenaryong AFP-PNP. Sila ang mga salarin sa pangangamkam ng mga lupa ng mga magsasaka at lupang ninuno ng mga katutubo at Moro, pangwawasak ng kapaligiran at labis-labis na pahirap sa masa.

Ang mga opensibang inilulunsad ng NPA ay pagtatanggol sa mga komunidad na inaatake ng teroristang AFP-PNP. Ginagawad nila ang rebolusyonaryong hustisya sa mga sagadsarin at berdugong tropa na naghahasik ng karahasan sa walang puknat na *focused military operations* at *retooled community support program operations*. Naglulunsad ang NPA ng mga taktikal na opensibang nagpapadugo sa katawan at bumibigwas sa ulo ng teroristang AFP-PNP.

4. Disiplinado ang NPA, mahigpit nitong pinangangalagaan ang kapakanan ng mga sibilyan at mamamayan na di mapinsala sa proseso ng pagsusulong ng digmang bayan. Mahigpit itong tumutupad at tumatalima sa mga panuntunan sa paglulunsad ng makataong digma alinsunod sa internal na disiplina ng NPA at internasyunal na mga pamantayan. Ang NPA ay tapat at mahigpit na tumatalima sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digma na gumagalang sa karapatang tao ng mga sibilyan at nakikidigmang

pwersa ng reaksyunaryong gubyerno. Laging isinasaalang-alang ng NPA ang kaligtasan ng mamamayan sa bawat opensibang inilulunsad. Inaalagaan at ginagamot nito ang mga kaaway na sugatan at wala nang kapasidad lumaban.

Determinado ang NPA na ipagwagi ang digmang bayan at kamtin ang tunay na katarungan at kapayapaan para sa bayan. Handang mag-alay ng buhay ang NPA sa pagtupad ng tungkulin nitong durugin ang reaksyunaryong AFP-PNP, ibagsak ang bulok na estado hanggang sa maitayo ang demokratikong gubyernong bayan.

#NPA@52
#KomunistaHindiTerorista
#NPADiMatalotalo

Armando Cienfuego
MGC-NPA ST
Marso 27, 2021

Komunista, rebolusyonaryong hukbo, hindi terorista! Mahigpit na tumatalima ang NPA sa batas ng digma at IHL

Sapul nang itinatag ng Communist Party of the Philippines (CPP) ang New People's Army (NPA) noong Marso 29, 1969, nasa mga Saligang Alituntunin na nito ang mataas na disiplina, pagpapahalaga sa kapakanan ng mga sibilyan at pag-alinsunod sa mga internasyunal na mga panuntunan kaugnay sa nagaganap na gerang sibil sa Pilipinas. Itinatag ng CPP ang NPA upang ipagtanggol, isulong at paglingkuran ng interes ng mamamayan — at upang itaguyod ang dignidad ng tao alinsunod sa Marxistang pananaw, gayundin batay sa mga internasyunal na kasunduan kaugnay sa karapatang pantao at makataong kondukta ng digmaan.

Nakaukit ang rebolusyonaryong karakter ng hukbong bayan sa Tatlong Pangunahing Alituntunin ng Disiplina at Walong Bagay na Dapat Tandaan o Tres-Otso. Ito ang matingkad na nag-iiba sa NPA bilang isang rebolusyonaryong hukbo ng mamamayan at sa AFP at PNP bilang mersenaryong hukbo ng lokal na mapagsamantala at mapang-aping uri sa Pilipinas. Nakasaad sa Ikaapat na Alituntunin ng NPA ang sumusunod na kodigo ng disiplina:

Ang Tatlong Pangunahing Alituntunin ng Disiplina ay:

1. Sumunod sa mga kautusan sa lahat ng iyong kilos.
2. Huwag kumuha ng kahit na isang karayom o hibla ng sinulid mula sa masa.
3. Ientrega ang lahat ng nasamsam.

Ang Walong Bagay na Dapat Tandaan ay:

1. Maging magalang sa pananalita.
2. Magbayad ng karampatang halaga sa iyong binibili.
3. Isauli ang lahat ng iyong hiniram.
4. Bayaran ang lahat ng iyong nasira.
5. Huwag manakit o mang-alimura ng tao.
6. Huwag manira ng mga pananim.
7. Huwag magsamantala sa mga babae.
8. Huwag magmalupit sa mga bihag.

Sa kabaligtaran nito at sa karanasan ng mamamayan, hindi kakikitaan ang reaksyunaryong sandatahang lakas ng mga mapagsamantalang uri ng ganitong bakal na disiplina. Gaano man nila gayahin ang disiplina ng NPA para linlangin ang mamamayan, sa malao't madali malalantad ang kanilang pagpapanggap. Sa araw-araw na karanasan ng masa, makikita ang pag-abuso sa kapangyarihan, kawalang pakialam sa kapakanan ng masa at sistematikong karahasan sa mamamayan sa pagganap bilang marahas na instrumento para ipagtanggol ang makitid na interes ng mga mapagsamantalang uri.

Sa mga inilulunsad na operasyong militar ng AFP, laganap ang pag-abuso at paglapastangan sa karapatang pantao ng mamamayan. Nagsasagawa ito ng walang-piling pambobomba at pamamaril sa sibilyang populasyon, pagtortyur, paggahasa't pagmolestiya sa kababaihan, pagpatay at masaker, pagkontrol sa galaw ng populasyon at pagharang sa daloy ng mga pagkain. Malalim na nakatanim ang kultura ng karahasan at impyunidad sa pwersang panseguridad ng estado ng malalaking kumprador, uring panginoong maylupa at mga burukrata.

Hindi rin magpapadaig ang PNP sa bagsik, brutalidad at kabuktutan. Saksi dito ang mahigit sa 30,000 pinatay na mahihirap sa gerang kontra-iligal na droga ng rehimeng Duterte nang walang benipisyo ng *due process* at patas na paglilitis at batay sa hinala lamang. Talamak ang pagtatanim ng ebidensya at inimbentong kwentong "nanlaban ang mga biktima" para bigyang katwiran ang mga ektra-hudisyal na pagpatay.

Sa sulsol ng uhaw-sa-dugong si Rodrigo Duterte, binigyan ng lisensya ang AFP at PNP na walang habas na pumatay sa ngalan ng "anti-komunismo at anti-terorismo." Hindi na lamang mga armadong pwersa ng rebolusyon ang tinarget ng ganitong walang pakundangang pagpatay at panunugis kundi maging mga sibilyang kasapi ng mga ligal na progresibong organisasyon, mga aktibista, kritiko, mamamahayag, doktor, abogado at iba pang tinatakang banta sa seguridad at kaaway ng estado.

Karumal-dumal ang brutalidad at kabuktutan ng ginawang masaker ng PNP sa siyam (9) na aktibista sa naganap na Bloody Sunday noong Marso 7, 2021 at sa 5 sibilyan na nakilalang Baras 5 noong Disyembre 17, 2020; pagpatay sa lider-aktibistang si Randall Echanis, human rights defender na si Zara Alvarez, mag-asawang Dra. Mary Rose at Edwin Sancelan at dumaraming bilang pa. Sa panahon mismo ni Duterte, 61 abogado ang pinaslang na hinigitan pa ang 49 pinagsamang pinatay na abogado mula sa paghahari ng diktador na si Marcos hanggang sa panahon ni Benigno Aquino III.

Sa serye ng mga ginanap na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP, unang isinulong ng NDFP ang substantibong

kasunduan sa pagrespeto sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas (CARHRIHL) na kapwa pinagtibay ng GRP at NDFP noong 1998 upang bigyan ng proteksyon ang mamamayan sa nagaganap na gerang sibil sa Pilipinas. Dagdag pa, nagdeklara ang NDFP ng Undertaking to Apply the Geneva Conventions of 1949 and the 1977 Protocol 1 and 2 para patibayin ang komitment nito sa harap ng internasyunal na komunidad na itaguyod ang makataong kondukta ng digmang bayan at igagalang ang karapatan ng mga sibilyan at di kalahok sa gerang sibil.

Ang mahabang rekord ng NPA sa makataong pagtrato sa mga nasugatan at nabihag na tropa ng kaaway sa mga labanan ang nagpakilala sa NPA sa malawak na mamamayan bilang kabaligtaran ng AFP at PNP, malaon pa man, bago nagdeklara ang NDFP ng Undertaking to Apply the Geneva Conventions of 1949 and the 1977 Protocol 1 and 2 sa kasalukuyang gerang sibil. Mahigpit na tumatalima ang mga yunit ng NPA sa pagbabawal na pagmalupitan ang mga nabihag sa labanan at gamutin ang mga nasugatang kaaway na wala nang kakayahang lumaban. Mahigpit din ang pagtalima ng mga yunit ng NPA na nagbabawal sa desekrasyon ng mga bangkay ng mga napapatay na kaaway.

Kinilala ng internasyunal na komunidad ang CPP-NPA-NDFP sa makataong pagtrato at pangangalaga sa mga nabihag-sa-labanan na mga elemento ng militar at pulis. Ilang tampok sa Timog Katagalugan ay ang mga kaso ng mga bihag-ng-digmang sina Captain Salapong, CO ng 15th PNP Company at 4 pa niyang kasamahan (1989); PNP/Sgt. Martellano Magtagad (1997); Major Rene Francisco, chief of police ng Rodriguez, Rizal at M/Sgt. Melad, ISG Operative (1999); Major Noel Buan, SOLCOM Deputy Intelligence Chief (1999); Chief Inspector Abelardo Martin, chief of police ng Dolores, Quezon (1999); P/Inspector Rex Cuntapay at PO1 Alberto Umali at Marvin Agasen ng Rodriguez, Rizal (2009).

Kabaligtaran nito ang kondukta ng mga yunit ng AFP. Noong 2020, mayroong naitalang 25 kaso ng *desecration of remains* ang AFP-PNP sa TK tulad ng ginawang paglapastangan sa mga bangkay ng mga napapatay na NPA sa mga labanan kagaya ng mga kaso ng Kalayaan 2 at 3, Palawan 5, at Aguas 3. Sa kaso ng Kalayaan 2 at 3, itinago, inilibing sa magkakahiwalay na lugar nang walang palatandaan at ipinagkait na makuha ang labi ng mga napaslang bilang kaparusahan sa mga kapamilya. Sa kaso ng Palawan 5 at Aguas 3, pinasuot sa butas ng karayom ang mga kapamilya bago nakuha ang labi ng kanilang mga mahal sa buhay.

Kabaligtaran din nito ang ginawang mga pagpatay sa mga *hors de combat* na NPA at di armadong mga kadre ng Partido tulad ng mga kaso ni Ermin Bellen, Mario Caraig, Julius Giron, Dr. Maria Lourdes Tangco, mag-asawang Eugenia Magpantay at Agaton Topacio, at mag-asawang Antonio Cabanatan at Florenda Yap.

Walang katotohanan ang mga paratang ng AFP ng paggamit ng NPA ng mga tinawag nilang "child warriors" para siraan ito sa mata ng publiko. Itinataguyod at iginagalang ng CPP-NPA-NDFP ang diwa at nilalaman ng mga sumusunod na internasyunal na kumbensyon:

1. Sa ilalim ng Internasyunal na Makataong Batas, partikular ang Artikulo 77, ikalawang parapo ng Protocol I ng Hunyo 8, 1977 bilang karagdagan sa Geneva Conventions ng Agosto 12, 1949 at kaugnay sa Proteksyon ng mga Biktima ng Internasyunal na mga Armadong Labanan, ang magkabilang panig sa armadong labanan "ay magsisikap na bigyan ng prayoridad ang pinakamatanda sa pagrerekluta sa hanay ng mga taong tumuntong na sa edad 15 pero hindi pa tumutuntong sa edad 18 (...)."

Sa ilalim ng Artikulo 4, ikatlong parapo ng Protocol II bilang karagdagan sa Mga Geneva Conventions, ang mga bata na hindi pa tumutuntong sa edad 15 ay hindi pahihintulutang lumahok sa labanan. Sa

ilalim ng Artikulo 4, ikatlong parapo, letra d ng Protocol II, ang mga batang nahuli na wala pang edad 15 na direktang lumahok sa labanan, sa kabila ng pagbabawal dito sa Artikulo 4, ikatlong parapo, letra c ng naturang Protocol ay mananatiling saklaw ng espesyal na proteksyong ibinibigay sa mga bata sa Artikulo 4, ikatlong parapo.

2. Sa ilalim ng Kumbensyon ng United Nations Tungkol sa Mga Karapatan ng mga Bata, na pinagtibay noong Nobyembre 20, 1989, ang mga bata ay binibigyan ng espesyal na mga karapatan hanggang sa edad 18 at ang minimum na hangganang edad na itinatakda para sa paglahok ng mga bata sa mga labanan ay 15 taong gulang.

3. Ang International Committee of the Red Cross at ang Red Crescent Movement ay nananawagan para sa pagpapatibay ng isang opsyunal na protocol kaugnay ng Kumbensyon ng United Nations Tungkol sa Mga Karapatan ng mga Bata na nakatuon pa partikular sa pagbabawal sa pagrerekluta ng mga batang wala pang 18 taong gulang sa mga armadong pwersa at mga armadong grupo at sa kanilang paglahok sa mga labanan. Ang panukalang opsyunal na protocol ay hindi pa pinagtitibay at nagtataglay ng di malinaw na mga termino, tulad ng "tuwiran at di-tuwirang paglahok" at "mga labanan".

Hanggang sa ngayon, ang umiiral na mga internasyunal na batas na makatao at ng mga karapatang pantao ay nagpapahintulot sa pagrerekluta ng mga taong nasa pagitan ng edad 15 at 18 bilang mga kombatant sa alinmang panig sa armadong labanan.

Noong 2012, muling inapirma ng NDFP ang komitment na ipagtanggol ang karapatan ng mga batang Pilipino sa ilalim ng Kumbensyon ng United Nations Tungkol sa Mga Karapatan ng mga Bata nang binuo nito ang Deklarasyon at Programa sa Pagkilos para sa Karapatan, Proteksyon ng mga Bata. Mas maaga pa, noong Oktubre 1999, itinaas pa ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pamantayan sa minimum na rekisitong edad para sa mga mandirigma ng NPA kaysa katanggap-tanggap sa mga internasyunal na kumbensyon nang inamyendahan ng Partido ang Punto 1 ng Ikatlong Alituntunin hinggil sa Pagsapi sa NPA ayon sa sumusunod:

Sinumang di bababa sa edad 18, may mahusay na pangangatawan at pag-iisip, anuman ang kasarian, lipi, nasyunalidad o relihiyon, may kakayahang lumaban at handang lumahok sa armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong kapangyarihang estado, ay maaaring maging kombatant o kasapi ng isang panlabang yunit ng BHB.

Paulit-ulit ding nireresiklo ng AFP at naghaharing rehimen ang binaluktot na pagpuna na diumano'y nilalabag ng NPA ang Geneva Convention at Ottawa Treaty sa paggamit ng huli ng command-detonated explosives. Inilinaw ng NDFP na hindi labag sa Geneva Convention at sa 1997 Ottawa Treaty on Anti-Personnel Mines ang paggamit ng mga *command-detonated explosives* (CDX) ng NPA. Hindi *self-detonating* o kusang sumasabog ang CDX ng NPA kundi manwal itong pinasasabog ng mga mandirigma ng NPA para patamaan ang mga lehitimong target na militar tulad ng mga yunit, tauhan at pasilidad ng AFP, PNP, paramilitar na pwersa, at tauhang paniktik ng AFP at PNP. Hindi target ng pag-atake ang mga sibilyang tauhan ng GRP liban kung sa mga ispesipikong kaso ay kabilang sila sa naunang nabanggit sa itaas.

Totoong nililinaw sa Artikulo 1 ng nasabing kumbensyon ang pagbabawal sa paggamit ng *anti-personnel mines* subalit sa Artikulo 2, nililinaw na ang mga *anti-personnel mines* ay yaong "dinisenyo na sumabog kapag nasa presensya, nalapitan o nagalaw ng tao para lumikha ng pinsala, kapansanan o pagkamatay ng isa o mas marami pa. Ang mga mina na sasabog dahil sa presensya, proksimidad o kontak ng isang sasakyan na may *anti-*

handling devices para maidisarmang hindi sumabog, ay hindi itinuturing na *anti-personel mines*." Sa ganitong pakahulugan, hindi labag sa 1997 Ottawa Treaty ang paggamit ng NPA ng *command-detonated explosives*.

Nais labusawin ng AFP at rehimen ang katotohanan na sa tunay na buhay, mas higit ang pinsalang idinudulot sa sibilyang populasyon ng walang-pili at walang habas na pamamaril, pagpapaulan ng bala mula sa himpapawid, pambobomba ng mga *helicopter gunship* at eroplano, at panganganyon ng mga *howitzer*.

#NPA@52
#KomunistaHindiTerorista
#NPADiMatalotalo

Armando Cienfuego
MGC-NPA ST
Marso 27, 2021

MGA SANGGUNIAN:

PADEPA: Batas, Pambansang Kagawaran sa Edukasyon (PAKED), Partido Komunista ng Pilipinas

Why governments should stop branding armed struggle as terorism, Atty. Angelo Karlo T. Guillen (SecGen, National Union of People's Lawyers-Panay, Hulyo 30, 2022)

Declaration IV-3 concerning Expanding Bullets, The Hague, 29 July 1899

Convention IV,V,VI, XIV of the Hague, October 1907

Principles and rules of international humanitarian law applicable to the use of explosive weapons in populated areas, ICRC

Documents of the General Geneva conventions of 1949

UN General Resolution 37

What is IHL?, ICRC Advisory Service